ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas

Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LI Blg. 6
Marso 21, 2020
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Labanan ang anti-mahirap at anti-demokratikong Luzon *lockdown* ni Duterte

Anti-mahirap at anti-demokratiko ang ipinag-utos ni Duterte na "Luzon Lockdown," bilang solusyon sa pagkalat ng Coronavirus Disease 2019 (Covid-19). Nagreresulta ito sa malawak na kaguluhan, at labis na pahirap at perwisyo sa mga manggagawa at ordinaryong mamamayan. Lalong ginatungan ni Duterte ang galit sa kanya ng sambayanan sa paghihigpit at panggigipit sa ilalim ng *lockdown*.

Mahigit 40,000 pulis at sundalo ang itinalaga sa loob at palibot ng National Capital Region (NCR) upang ipatupad ang *lockdown*. Ito ay para ikulong ang mga tao sa sarili nilang mga bahay at ipailalim sa kontrol ng militar at pulis ang transportasyon at lahat ng aspeto ng buong buhay lipunan. Itinayo ang mga tsekpoynt upang sindakin ang mga tao at pigilan silang bumiyahe para kumita o makapunta sa kanilang mga trabaho. Dahil sa *lockdown*, barado ang komersyo at lokal na produksyon. Milyun-milyon ang walang kinikita at limitado ang suplay ng mga kalakal.

Nagbabantang magresulta sa malawak na kasalatan at kagutuman ang *lockdown* ni Duterte. Hungkag ang pangako ni Duterte na pakakainin niya at bibigyan ng pera ang mga mawawalan ng kita. Kulang na kulang ang pondong ipamamahagi diumano sa mga mangga-

"Labanan...," sundan sa pahina 2

## FMO sa ST, binigo ng BHB

NAGLUNSAD NG MAGKASUNOD na aksyong militar ang Bagong Hukbong Bayan laban sa mga tropa ng Armed Forces of the Philippines na nagsasagawa ng nakapokus na operasyong militar (*focused military operation* o FMO) sa Southern Tagalog nitong nagdaang linggo.

Noong Marso 15, binigwasan ng isang yunit ng BHB ang nag-ooperasyong mga tropa ng 18th Special Forces Company (SFC) sa Barangay Iraan, Rizal, Palawan. Sa tatlong-minutong labanan, limang sundalo ang napatay at marami ang naiulat na sugatan. Ang naturang opensiba ay tugon sa ilang araw nang paghahasik ng teror ng 40 tropa ng 18th SFC sa lugar.

"FMO...," sundan sa pahina 3


"Labanan...," mula sa pahina 1

gawa. Mismong mga upisyal ng mga lokal na pamahalaan ang nagsabi na wala silang kakayahan na mamahagi ng ayudang pagkain lagpas sa ilang araw para sa mga nawalan ng kita dahil sa *lockdown* ni Duterte.

Sa harap ng pagkalat ng Covid-19, dapat sana'y isagawa ang mga hakbangin para palakasin ang imprastruktura para sa pangangalaga sa pampublikong kalusugan. Sa halip, batas militar sa anyo ng *lockdown* ng AFP at PNP ang ipinataw ni Duterte sa NCR at buong Luzon. Sinisikil ng *lockdown* ni Duterte ang saligang mga karapatang sibil, kabilang ang karapatang bumiyahe at karapatang magtipun-tipon. Hindi pwedeng lumabas ng bahay kung walang *pass* o nasa oras ng *curfew*. Ang hindi sumunod ay binabantaang aarestuhin at ikukulong.

Mga upisyal militar, hindi mga duktor o nars, ang nasa unahan ng solusyon ni Duterte. Kabi-kabilang mga tsekpoynt ang itinayo, sa halip na mga pasilidad medikal tulad ng kailangang-kailangang mga *testing center* sa bawat barangay. Todo-buhos ang gastos para sa mga sasakyan at iba pang kagamitan ng mga sundalo at pulis, samantalang kulang na kulang ang mga pasilidad at kagamitan sa mga pampublikong ospital at ng mga manggagawang pangkalusugan para tumanggap, ieksamen at gamutin ang mga pasyenteng posibleng nahawaan ng Covid-19.

Ang pagpapataw ng *lockdown* ay patunay ng kawalang-kahandaan ng rehimeng Duterte na harapin ang Covid-19 o iba pang epidemya. Bago ito, dalawang buwan na minaliit ni Duterte ang Covid-19. Hindi niya ipinatupad ang mga hakbangin upang pigilang lumaganap sa bansa ang sakit. Katunayan, ilampung libo pang Chinese na turista at manggagawa sa POGO ang pinayagan niyang pumasok sa bansa sa buwan ng Enero hanggang Pebrero. Ito ay kahit kalat na kalat na sa China ang Covid-19, at ipinatupad na ng maraming bansa ang pagsasara ng kanilang mga *border* sa China.



Pinagtatakpan ng pasistang *lockdown* ni Duterte kung papaano niyang kinaltasan nang ₱16.6 bilyon ang badyet ng Department of Health. Kinalahati ang badyet (mula ₱262.9 milyon noong 2019 tungong ₱115.5 milyon) para sa Epidemiology and Surveillance Program o programa para sa pagharap at pagkontrol sa nakahahawang sakit tulad ng Covid-19, upang madagdagan ang badyet ng militar at pulis, at para sa "intelligence" na pugad ng korapsyon.

Dahil walang paghahanda at walang pagmamalasakit sa kapakanan at kabuhayan ng masang anakpawis, ang *lockdown* ni Duterte ay ipinatupad sa paraang mapamilit, gamit ang pwersa ng militar at pulis. Hindi pinakikinggan ni Duterte ang hinaing ng milyun-milyong mamamayan na kailangang bumiyahe para makapagtrabaho, maghanap ng trabaho o iba pang mapagkakakitaan, magtungo sa kanilang kailangang puntahan, at iba pa. Salamin ito ng makitid na utak-militar ni Duterte. Sa kanya, lahat ay mapatatahimik sa pamamagitan ng mga armadong sundalo at pulis.

Laganap ngayon ang pag-aalburuto ng masang anakpawis sa pahirap na *lockdown* ni Duterte. Bagaman pinalalabas na ang *lockdown* ay kontra sa Covid-19, malinaw sa mamamayang Pilipino na mas malaking pasakit ang hatid nito sa kanila. Patunay na hindi

"Labanan...," sundan sa pahina 3

ANG Bayan

Tomo LI Blg. 6 | Marso 21, 2020

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Labanan ang anti-mahirap at anti-demokratikong Luzon *lockdown* ni Duterte 1
FMO sa ST, binigo ng BHB 1
Kompensasyon sa Nexperia, 5
Perwisyong dulot ng *lockdown* 4
Solusyong medikal, hindi militar 5
Protesta sa TUP kontra panggigipit 7
Mawawalan ng trabaho dahil sa Covid-19 5
BHB, tumutugon sa Covid-19 6
Sanhi ng bagong mga pandemya 7
Julius Giron at 2 pa, pinaslang 7
Pandaigdigang araw ng kababaihan 7
*Glyphosate* sa maisan sa Capiz 8
Pag-ibig ng inang mandirigma 9


Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Labanan...," mula sa pahina 2

seryosong hinaharap ni Duterte ang banta ng Covid-19 ay ang kawalan ng hakbanging palakasin ang mga pasilidad pangkalusugan.

Dapat manindigan ang mamamayang Pilipino na wakasan ang anti-mahirap at anti-demokratikong *lockdown* ni Duterte sa NCR, Luzon at iba pang panig ng bansa. Tulad ng ipinakitang karanasan sa maraming bansa, maaaring harapin ang banta ng Covid-19 na hindi niyuyurakan ang saligang mga karapatan ng mamamayan sa malayang pagbyahe, paghahanapbuhay o pagtititipun-tipon. Mga duktor, nars at mga manggagawang pangkalusugan, hindi mga sundalo at pulis, ang dapat na nasa unahan ng mga pagsisikap.

Marapat lamang na igiit ng sambayanang Pilipino ang kagyat na paglilipat sa kalusugan ng napakalaking badyet na winawaldas sa pagbili ng mga helikopter, eroplanong pandigma, bomba, at iba pang kagamitang panggera, gayundin ng badyet na nakalaan para sa diumano'y "intelligence" at pambayad-utang. Dapat kagyat na armasan ang mga pampublikong ospital at iba pang pasilidad sa pagharap sa Covid-19, gayundin ang mga makinaryang pangkalusugan sa barangay para maisagawa ang *mass testing* o maraming pag-eeksamen. Dapat tiyakin ang libreng pamamahagi ng mga *face mask*, alkohol at mga kagamitang pangkalinisan. Dapat tiyakin na may akses sa kuryente at malinis na tubig, laluna sa mga mahirap na komunidad. Dapat tiyakin ang serbisyong sanitasyon at pagkukulekta ng basura, at dekontaminasyon sa mga pampublikong lugar. Dapat dagdagan ng badyet ang mga unibersidad o mga ahensyang nagsasagawa ng siyentipikong pananaliksik para sa pagtuklas ng mga paraan para sa pag-eeksamen o *testing* at paglikha ng mga gamot sa Covid-19, at para suportahan ang lokal na produksyon ng mga ito. Dapat igiit ng mga manggagawa ang pangkagipitang ayuda at libreng pamamahagi ng pagkain. Dapat igiit ang karapatan sa pagtitipon, kahit pa kailangang isagawa ang angkop na pag-iingat para umiwas sa pagkalat ng sakit, upang ipahayag ang kolektibong hinaing ng bayan.



Kasabay nito, dapat organisadong kumilos ang mamamayan upang isagawa ang kinakailangang mga hakbangin para iwasan ang pagkalat ng Covid-19. Buuin ang mga komite sa kalusugan at samasamang isagawa ang mga hakbangin para sa sanitasyon o paglilinis ng paligid, personal na kalinisan, pagbibigay ng tulong sa mga manggagawang pangkalusugan at iba pa. Kasabay nito, dapat patuloy na magpunyagi na ipagtanggol ang mga demokratikong karapatan at kagalingan ng mamamayan sa panahon ng *lockdown*.

Sa mga rebolusyonaryong teritoryo, dapat pakilusin ang mga organisasyong masa at ang mga komite sa kalusugan ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika, upang isagawa ang kampanyang impormasyon tungkol sa Covid-19, at ipatupad ang mga hakbangin para pigilan ang pagkalat nito sa kanilang lugar. Bigyan ng espesyal na pansin ang pangangalaga sa mga nakatatanda na silang pinakabulnerable sa Covid-19. Palaganapin ang kaalaman sa mga halamang-gamot na maaaring gamitin sa pagkontra sa mga sintomas ng Covid-19.

Ang mga yunit ng BHB ay dapat mahigpit na makipagtulungan sa mga komite sa kalusugan sa mga baryo. Dapat pakilusin ang mga Pulang mandirigma para tumulong sa pagtataas ng kaalaman ng mga tao tungkol sa sakit at kung ano ang dapat kolektibong gawin ng bayan para harapin ito. Dapat patuloy na ipagtanggol ng BHB ang mamamayan, laluna sa harap ng banta na gamitin ang Covid-19 para magpataw ng pasistang paghahari ng militar, sindakin ang bayan at supilin ang kanilang mga karapatan.

Sa panahon ng krisis pangkalusugan, ang sama-samang pagkilos ng mamamayan ang susi, hindi ang pagpapailalim ng bansa sa pasistang *lockdown* ni Duterte. AB

---

"FMO...," mula sa pahina 1

Sa sumunod na araw, naglunsad naman ng operasyong haras ang isang yunit ng BHB-Quezon laban sa mga pwersa ng 85th IB na gumagalugad sa Barangay San Vicente Kanluran, Catanauan. Dalawa ang kumpirmadong patay at hindi mabilang ang sugatang sundalo. AB

## Kompensasyon sa Nexperia, naipagtagumpay

MATATANGGAP NG MGA manggagawa ng Nexperia Philippines, Inc. ang kanilang sahod para sa Marso 17-30 sa kabila ng tigil-paggawa ng kumpanya dahil sa isinagawang *lockdown* ng rehimen. Ito ay matapos igiit ng kanilang unyon ang kompensasyon.

Isinusulong ng unyon sa kasalukuyan ang pagbibigay ng kanilang sahod hanggang Abril 12 na saklaw ng *lockdown*. Maghahain din ito ng panawagan sa Department of Labor and Employment na magbigay ang kumpanya ng ₱5,000 ayuda kada manggagawa.

Ayon sa Philippine Economic Zone Authority, umaabot na sa 703 empresa sa Luzon ang pansamantalang suspendido ang operasyon dulot ng *lockdown*. Apektado nito ang 86,549 manggagawa, sa Cavite pa lamang. AB

# Perwisyong dulot ng Luzon *lockdown* sa masang anakpawis

Pasan ng mga manggagawa at malamanggagawa ang mabigat na perwisyong dulot ng isang buwan na *lockdown* na ipinataw ni Rodrigo Duterte sa buong Luzon noong Marso 17. Ipinagbawal ni Duterte ang lahat ng moda ng pampublikong transportasyon at inobliga ang mga manggagawa na "manatili sa bahay," isang hakbang na pumigil sa kanilang magtrabaho nang walang sapat na kompensasyon.

Unang tinamaan sa naturang restriksyon ang mga drayber at opereytor, kasunod ang mga manggagawa na kalakha'y mga nakasandig sa pampublikong transportasyon. Sa kagyat, apektado nito ang tinatayang tatlong milyong manggagawa na nagtatrabaho sa Metro Manila pero umuuwi sa karatig nitong mga prubinsya.




Pinakaapektado ang mga manggagawang pangkalusugan na obligadong pumasok pero walang masakyan patungo sa mga ospital at klinika. Hirap ding makapunta sa palengke ang mga residente para makabili ng mga batayang pangangailangan. Inamin mismo ng mga upisyal ng lokal na gubyerno na hindi sapat ang kanilang mga rekurso at sasakyan para tugunan ang pangangailangan ng mga residente ng kani-kanilang bayan, laluna yaong may mga espesyal na kunsiderasyon tulad ng mga matatanda at nangangailangan ng medikal na tulong.

Dahil sa kakulangang ito, marami sa mga manggagawa ang nawawalan ng kita at nanganganib na masisante sa kanilang mga trabaho. Marami nang manggagawa ang dumaraing na wala nang makain ang kani-kanilang mga pamilya, lalupa't kalakhan sa kanila'y umaasa lang sa kakarampot na arawang sahod.

**Pantapal na mga hakbangin**

Para pahupain ang galit ng mamamayan, nagpapakana ang rehimen ng pantapal na mga hakbangin gaya ng pamimigay ng napakaliit na ayuda, at paglikha ng limitado at pansamantalang mga trabaho.

Ipinagmamalaki ng rehimen ang programa nitong Covid-19 Adjustment Measures Program (CAMP) na maglalaan umano ng ₱1.3 bilyong ayudang pinansyal para sa mga manggagawang regular na hindi makapagtrabaho dulot ng *lockdown*. Magbibigay umano ito ng ₱5,000 kada manggagawa para sa isang buwan (o ₱161 kada araw) bilang kompensasyon.

Napakaliit at hindi sasapat ang halagang ito para buhayin ang apektadong mga pamilya sa Luzon. Kung hahatiin ang nabanggit na kabuuang badyet sa halaga ng buwanang ayuda, lumilitaw na 260,000 lamang na manggagawa, sa maksimum, ang maaaring makinibang sa pondo. Ang bilang ng mga makikinabang ay hindi pa aabot sa isang porsyento ng 26 milyong manggagawa sa Luzon, o wala pa sa limang porsyento ng 5.8 milyong manggagawa sa National Capital Region (NCR).

Kakaunti na nga ang makikinabang, kapos pa ang ayuda kada manggagawa nang 73% sa tinatayang ₱597 kada araw na kinakailangang badyet ng isang pamilya para sa sapat at masustansyang pagkain. Ang taya na ito ay batay sa pamantayang itinakda mismo ng reaksyunaryong estado noong Mayo 2019. Tiyak na mas mataas pa ito ngayon dulot ng implasyon.

Naglaan din ang rehimen ng ₱180 milyon para sa programa nitong Tulong Pangkabuhayan sa Displaced/Underprivileged Workers (TUPAD) na magbibigay umano ng pansamantalang trabaho sa mga malaproletaryado bilang mga manggagawang pangkalusugan. Napakaliit ng badyet na ito lalupa't sa NCR pa lamang ay milyun-milyon na ang walang pormal na hanapbuhay. Sasapat lamang ang badyet na ito para makapag-empleyo nang hindi tataas sa 16,000.

Samantala, plano rin ng rehimen na mangutang ng daan-daang milyong piso mula sa mga dayuhang institusyong pampinansya para punan ang lumalaking gastos nito sa pagpigil ng pagkalat ng Covid-19 sa bansa. Noong Marso 13, inaprubahan na ng Asian Development Bank ang aplikasyon ng rehimen para sa $3-milyong utang (₱150 milyon sa palitang $1=P50). Nagsumite rin ng aplikasyon ang rehimen para makabahagi sa $12-bilyong pondo na ilalaan ng World Bank bilang pautang para sa mahihirap na bansa na natamaan ng pandemya. Notoryus ang dalawang institusyon na ito sa pagsamantala sa mga sakuna para magkamal ng tubo sa pamamagitan ng pagpatong ng interes sa mga pautang.

**Artipisyal na "kasalatan"**

Ang *lockdown*, na sa esensya'y isang malawakan na sosyo-ekonomikong blokeyo, ay kagyat na lumikha ng artipisyal na "shortage" (o kasalatan sa suplay) na higit pang nagpasirit sa presyo ng mga pangunahing bilihin.

Ramdam ito sa Metro Manila dahil sa pagka-ipit sa mga tsekpoynt at limitadong galaw ng mga trak na nagdadala ng batayang mga produktong pagkain, gaya ng gulay, mula sa mga prubinsya. Ito ay sa kabila ng deklarasyon ni Duterte na hindi saklaw ng *lockdown* ang mga magsasaka at mga drayber na nagdadala ng kanilang mga produkto tungong mga sentrong urban. Nagresulta ito sa pagdoble sa presyo ng gulay sa mga pamilihan sa NCR. AB

## Panawagan ng taumbayan: Solusyong medikal, hindi militar

Sa gitna ng ligalig at hirap na idinulot ng *lockdown* ni Duterte, malinaw na inilatag ng pambansa-demokratikong mga organisasyon ang kagyat na pangangailangan ng mamamayan para harapin ang banta ng epidemya ng Covid-19. Ang listahan ng mga kinakailangang hakbang ay pagbatikos rin sa sa militaristang solusyon ni Duterte sa krisis at pagtaguyod sa kagalingan ng mamamayan.




Kagyat nilang panawagan ang pagsasagawa ng malawakan at libreng pag-eksamen sa maysakit, pagbibigay ng mga paketeng pangkalinisan, pagtitiyak ng sapat na suplay ng malinis na tubig at iba pa. Isinama din nila ang malawakang kampanyang impormasyon hinggil sa Covid-19 sa buong bansa.

Dapat na magkaroon ng tuluy-tuloy at malawakang paglilinis sa mga komunidad lalo na sa mga komunidad ng maralita. Iginiit nila ang regular na pagbibigay ng libreng pagkain, bitamina at iba pang mga gamot.

Dapat ipagbawal ang mga demolisyon at pagpapalayas sa mga maralita, ayon sa Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay). Binatikos ng grupo ang isinagawang demolisyon sa Pasay City noong Marso 12, sa araw na idineklara ang *lockdown* sa National Capital Region. Tinatayang 300 pamilya ang nawalan ng tirahan sa New Era Compound sa Barangay 137, Zone 15, Protacio dulot ng demolisyon.

Sa hanay ng mga manggagawa at kawani ng gubyerno, dapat tiyakin ang pagbibigay ng buong sahod at mga benepisyo. Kinakailangang maging mapagbantay sa malawakang tanggalan, laluna ang napakaraming kontraktwal na manggagawa sa gubyerno, sa tabing ng krisis pangkalusugan. Mahalaga ring mabigyan sila ng sapat na kompensasyon sa panahon ng *lockdown*. Gayundin, dapat mailatag ang malinaw na plano at pangangasiwa sa mga migranteng Pilipino.

Ayon sa Alliance of Health Workers, dapat tiyakin ang gamit-proteksyon ng duktor, nars at manggagawa sa kalusugan na nasa harapan ng pagresolba sa Covid-19. Dapat silang bigyan ng angkop na *hazard pay*.

Inilabas ng mga organisasyon ang mga kahingian sa harap ng makupad at inutil na tugon ng rehimen sa krisis pangkalusugan. Ipinakita nila na mayroong ibang paraan ng pagharap na krisis na wasto at mapagmalasakit. Napatunayan na ito sa karanasan sa ibang bansa na hindi nagpatupad ng pasistang mga *lockdown*, at sa halip ay sumunod sa mga hakbang na iminungkahi ng kanilang mga manggagawa sa kalusugan at mga internasyunal na ahensyang pangkalusugan. Halimbawa nito ang South Korea at Vietnam na kapwa nagsagawa ng malawakang pag-eksamen sa mga pasyente, nagbigay ng komprehensibong suporta at ayuda sa kanilang mamamayan, at nagtiyak ng libreng mga serbisyo medikal sa lahat. Sa mga bansang ito, binuo ang mga tim ng eksperto sa kalusugan para mangasiwa sa kinahaharap na krisis. AB

### Protesta sa TUP kontra panggigipit

TATLONGDAANG MAG-AARAL NG Technological University of the Philippines na nakasuot ng itim na damit ang lumahok sa protesta noong Marso 4 laban sa mapaniil na patakaran ng unibersidad. Pinangunahan ng TUP University Student Government ang pagkilos.

Binatikos ng mga estudyante ang panggigipit sa mga organisasyon at aktibidad ng mga mag-aaral. Inirereklamo rin nila ang kakulangan o di pagpapagamit ng mga pasilidad sa kampus, hindi pantay na distribusyon ng kagamitan, at ang pagkakansela ng nabayaran nang *field trip*. AB

### Milyun-milyong manggagawa, mawawalan ng trabaho dulot ng Covid-19

TINATAYANG 25 MILYONG manggagawa sa buong daigdig ang mawawalan ng trabaho ngayong taon sa pinakamalalang senaryo bunga ng Covid-19. Batay ito sa pag-aaral ng International Labor Organization (ILO) kaugnay ng krisis na kinakaharap ng ekonomya ng mga bansa dulot ng pandemya.

Ikinumpara ng ILO ang kasalukuyang krisis sa kalusugan sa pandaigdigang krisis sa pinansya noong 2008-2009 na nagresulta sa 22 milyong nawalan ng trabaho. Tinataya ring higit pang lalaki ang bilang ng *underemployed* (o kulang sa trabaho). Ang pandemyang Covid-19 ay hindi na lamang isang pandaigdigang krisis sa kalusugan, kundi isa na ring pangunahing krisis sa ekonomya at paggawa.

Umaabot naman sa $3.4 trilyon ang tinatayang mawawalang kita ng mga manggagawa sa pagtatapos ng taon dahil sa pagkawala ng hanapbuhay. Mangangahulugan ito ng pagtumal ng pagkonsumo sa mga serbisyo at produkto, na hahantong naman sa paghina ng mga negosyo at buu-buong ekonomya. AB

# BHB, tumutugon sa Covid-19 kahit walang tigil-putukan




Bago pa man magdeklara ang rehimeng Duterte ng tigil-putukan, naglabas na ng mga direktiba ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa lahat ng rebolusyonaryong pwersa na maglunsad ng kampanyang masa upang hikayatin ang kolektibong aksyon para komprehensibo at malawakang tumugon sa banta ng epidemya ng Covid-19. Ang unilateral na tigil-putukan ng GRP na idineklara ni Duterte noong Marso 18 ay nagsimula noong gabi ng Marso 19 at magtatapos sa Abril 15. Kinwestyon ng PKP at ng *negotiating panel* ng National Democratic Front of the Philippines ang tunay na pakay ng deklarasyong tigil-putukan ni Duterte.

Ayon kay Prof. Jose Ma. Sison, *senior consultant* ng NDFP sa usapang pangkapayapaan, hindi napapanahon, kung hindi man di sinsero at huwad ang deklarasyon ni Duterte. Dagdag pa, idineklara ito matapos na ipailalim ng rehimen sa *lockdown* ang buong Luzon para pagtakpan ang kapalpakan nito sa pagharap sa banta ng pandemyang Covid-19.

May tigil-putukan man o wala, handa ang mga Pulang mandirigma ng BHB na doblehin ang mga pagsisikap para magbigay sa mamamayan ng mga serbisyong sosyal, ekonomiko at medikal. Mahigpit na nakikipagtulungan ang mga ito sa mga lokal na komiteng pangkalusugan sa mga baryo at komunidad.

Makikita pa sa darating na mga araw kung mangingibabaw sa kanyang unang mga utos sa tigil-putukan ni Duterte ang kanyang naunang mga utos na maglunsad ng todong-gera para durugin ang BHB, ayon pa sa PKP. Samantala, inabisuhan nito ang lahat ng yunit ng BHB na maging mapagmatyag sa mga atake ng AFP at agad na iulat ang umiiral na mga operasyong kombat sa kani-kanilang mga saklaw. Maglalabas lamang ng sariling deklarasyon ang PKP ng tigil-putukan kung mayroon na itong sapat na batayan.

Sa pinakahuling mga ulat, naglulunsad ang AFP at PNP ng matitinding operasyong kombat, paniktik, saywar at panunupil sa Abra, Mt. Province, Quezon, Mindoro, Masbate, Sorsogon, Camarines Sur, Capiz, Samar, Negros, Bukidnon, South Cotabato, Zamboanga at iba pang mga prubinsya.

Sa Capiz, iniulat noong Marso 18 ng lokal na kumand ng BHB na dinagdagan ng 19 sundalo at CAFGU ang detatsment ng 61st IB sa Barangay Katipunan, Tapaz. Ayon sa mga sundalo, kaugnay umano ng Covid-19 ang dagdag-pwersa, at mananatili sa lugar hanggang Abril 15.

Sa Sorsogon, pinagigiya at ginagawaang pananggalang ng 31st IB ang mga barangay tanod sa mga komunidad na sakop ng mga "Community Support Program" sa Barcelona at Bulusan. Iniulat ng lokal na yunit ng BHB na sumasabay ang mga sundalo sa pagronda ng mga barangay tanod sa naturang mga lugar.

May iniulat ding mga operasyong kombat ng mga tropa ng 403rd Brigade sa Bukidnon, kabilang ang 8th IB sa Barangay Busdi, Malaybalay City at ng 1st Special Forces Battalion sa kabundukan ng Kitanglad.

Malawakan din ang paglabag sa karapatang-tao. Iligal na inaresto ng mga pwersa ng estado ang lider-Lumad na si Gloria Tumalon sa Lianga, Surigao del Sur nitong Marso 20 at si Camilo Bucoy sa Zamboanga Sibugay.

Bago ang unilateral na deklarasyon ng tigil-putukan ng GRP, walang awat ang pamamaslang at pang-aabuso ng AFP at PNP sa kanayunan.

Noong Marso 16, pinatay si Marlon Maldos sa Tagbilaran City, Bohol. Si Maldos ang *artistic director* ng Bol-Anong Artista nga may Diwang Dagohoy (Bansiwag). Nanguna si Maldos sa mga pagtatanghal na naglalarawan sa kalagayan at pakikibaka ng mga maralitang magsasaka. Bago ang pamamaslang, paulit-ulit siyang dumanas ng *red-tagging* ng mga elemento ng 47th IB.

Sa Lanao del Sur, inaresto ng mga sundalo at pulis si Teresita Naul, kasapi ng Karapatan sa Northern Mindanao noong Marso 15 sa bayan ng Lala. Sinalakay ng mga elemento ng 4th ID, 2nd Mechanized Infantry Brigade at mga pulis ang tinutuluyan ni Naul. Inaresto siya batay sa gawa-gawang kasong *kidnapping*, iligal na detensyon at panunungog.

Samantala, noong Pebrero 27, walong katutubong T'boli ang idinetine at pilit na pinaaaming kasapi ng BHB ng mga elemento ng 27th IB sa Lake Sebu, South Cotabato. Iniulat din ng Bayan-Socsksargen ang nagpapatuloy na presensyang militar sa mga komunidad ng Blaan at T'boli na nagresulta sa pandarahas sa mga katutubong Lumad at pagsalakay sa kanilang mga tahanan. Malaon nang target ng San Miguel Corporation ang lugar para sa proyektong pagmimina ng karbon.

Samantala, nag-ulat ang Community Technical College of Southeastern Mindanao, isang paaralang Lumad sa Maco, Davao de Oro, na ipinatawag ng mga upisyal ng barangay at militar ang mga

*"BHB...," sundan sa pahina 7*

Sanhi ng bagong mga pandemya:

# Kapitalistang pagsasaka, pagwasak sa kagubatan

Ang dumadalas na paglitaw ng mga sakit na sanhi ng *coronavirus* at iba pang *zoonotic* na sakit (naipapasa ng hayop tungo sa tao) ay nakaugnay sa kapitalistang pangangamkam ng lupa, sa pagwasak ng mga kagubatan at ng malakihang produksyon ng pagkain ng mga korporasyong agribisnes. Sa ilalim ng kaayusang neoliberal, walang pakundangan ang pagsira ng mga ito sa kapaligaran na nagdudulot ng pinsala sa kalusugan ng mga tao at hayop.

Ayon sa pananaliksik ng mga eksperto sa bayolohiya at kapaligaran, ang mga epidemya at pandemya ay hindi dapat ituring na panapanahon at hiwalay sa isa't isa. Batay sa matagal na nilang pagsubaybay, ang kapitalistang produksyon ng pagkain, partikular ng karne, ay nagdudulot ng mga sakit na mabilis na naisasalin at lumalaganap mula sa hayop tungo sa tao. Ang mga pagwasak naman sa kagubatan ay nagreresulta sa pagtakas ng mga *pathogen* o mga bakterya, *virus* at organismo na nagdudulot ng sakit at at paglipat ng mga ito mula sa kabangisan patungo sa inaalagaang mga hayop na madaling tablan, at malao'y pagkahawa ng tao.

Kabilang sa mga epidemyang lumitaw sa nagdaang dalawang dekada ang iba't ibang tipo ng trangkaso na tumatalab sa mga baboy at manok at iba't ibang ibon. Mayroon ding mga *pathogen* na nanggagaling sa mga hayop sa kagubatan tulad ng nakamamatay na tipo ng *coronavirus* na SARS-Cov at MERS-Cov.

Ang mga tipo ng trangkaso na naipapasa ng inaalagaang mga baboy ay nagmula sa mga dambuhalang babuyan o sa tinatawag na mga *factory farm* o pabrika ng mga

*"Sanhi...," sundan sa pahina 8*

*"BHB...," mula sa pahina 6*

magulang ng kanilang estudyante at pilit na pinaaalis ang kanilang mga anak sa paaralan.

Sa Cagayan Valley, inokupa ng 17th IB ang mga komunidad ng Sitio Lagom, Barangay Lipatan mula pa noong Pebrero. Naglagay ang militar ng mga tsekpoynt sa mayor na mga daanan ng komunidad, nagtakda ng *curfew* at inobliga ang mga residente na humingi ng permiso sa militar sa kanilang mga lakad. Sa ulat ng mga residente, hindi sila basta makapunta sa kanilang mga sakahan o sa palengke. Isang magsasaka ang tinutukan ng baril habang kumukuha ng palay na ipakikiskis. Maging ang mga buntis at matatanda na kukuha ng pensyon ay hinaharang ng mga sundalo.

Reklamo ng mga residente, dapat sana ay naghahanda na sila para sa anihan subalit pinipigilan sila ng mga militar. Pinulong sila ng AFP upang takutin at akusahang mga tagasuporta ng BHB. Iniinteroga, minamanmanan, hinahanapan ng baril at pilit silang pinasusurender bilang mga kasapi ng BHB. Nagkampo rin ang 17th IB sa mga kabahayan, kapilya at paaralang elementarya. Sa panahong ito, iligal na inaresto si Fransing Solancho at isa pang matandang hirap nang makakita at maglakad. AB

## Julius Giron, lider-PKP at 2 pa, pinaslang sa Baguio City

MINASAKER NG PINAGSANIB na pwersa ng militar at pulisya sina Julius Giron (Ka Nars), kanyang duktor na si Ma. Lourdes Dineros Tangco, at kasama sa bahay na si Arvie Alarcon Reyes dakong alas-3 ng madaling araw noong Marso 13 sa Barangay Queen of Peace, Baguio City.

Isang malaking kasinungalingan ang sinasabi ng militar na naghahapag lamang sila ng *arrest warrant* at na "nanlaban" ang tatlo kaya sila pinaslang. Nagpapagaling lamang noon si Ka Nars, edad 70, sa kanyang nararamdamang mga sakit na dulot na ng katandaan.

Isa si Ka Nars sa matatatag na myembro ng Komite Sentral at ng Kawanihan sa Pulitika (Politburo) ng Partido. Susi siya sa muling pagbubuo ng pamunuan ng PKP at sa paglulunsad ng makasaysayang kongreso nito noong 2016. Isa siya sa maniningning na halimbawa sa walang pag-iimbot na paglilingkod sa mamamayan. Ipinagluluksa ng buong rebolusyonaryong kilusan ang kanyang pagkamatay. AB

## Pandaigdigang araw ng kababaihan, ginunita

PINANGUNAHAN NG GABRIELA ang kilos-protesta noong Marso 8 bilang paggunita sa Pandaigdigang Araw ng Manggagawang Kababaihan. Unang nagtipon ang libu-libong kababaihan at tagasuporta nito sa Liwasang Bonifacio bago nagmartsa patungo sa Mendiola. Sa rali, kinwestyon ng grupo ang sinseridad ng pag-basura ni Duterte sa Visiting Forces Agreement sa harap ng pagtutuluy-tuloy ng mga pagsasanay-militar ng US at Pilipinas sa loob ng bansa.

Nagkaroon ng katulad na programa sa Laguna, Rizal, Bicol, Bacolod City, Iloilo, Roxas City at General Santos sa parehong araw. Bago ito, nagrali ang kababaihang Lumad sa pangnguna ng Sabokahan Unity of Lumad Women noong Marso 4 sa Freedom Park, Roxas Avenue, Davao City. AB

"Sanhi...," mula sa pahina 7

hayop. Dito, siksikan ang inaalagaang mga baboy na may mahihinang resistensya dulot ng matagalang paggamit ng mga *antibiotic* at artipisyal na pinalalaki para tugunan ang mataas na pandaigdigang demand para sa karne. Ang siksikang kundisyon dito ay mainam sa paglitaw, paghalu-halo at mabilis na paglaganap ng mga mikrobyo. Mabilis na kumakalat ang sakit mula sa isang *factory farm* tungong iba pa dahil sa sistema ng pagbebenta ng buhay na hayop at mabilis na transportasyon ng mga ito sa iba't ibang lugar.

Isang halimbawa ng pandemyang dulot ng kapitalistang produksyon ang *swine flu* o (H1N1)pdm09 noong 2009. Nagsimula ito sa isang "mega-pabrika" ng mga baboy ng Smithfield, isang kumpanyang Amerikano, sa Mexico. Bantog ang kumpanya sa paglabag sa mga regulasyon sa kapaligiran at pagpapabaya sa kalusugan ng mga residente sa kalapit nitong mga komunidad. Itinatambak ng kumpanya ang dumi ng mga baboy nito sa malalawak na lupain sa paligid ng babuyan, na nagdulot ng polusyon at naging sanhi ng mabilis na pagkalat ng *swine flu* sa bayan ng La Guardia kung nasaan ang pabrika. Tinatayang 60% ng populasyon nito ang tinamaan ng sakit. Mula Abril 2009 hanggang Abril 2010, umabot sa 61 milyon ang nahawa, 274,000 ang na-ospital at 12,500 ang namatay sa US dulot ng (H1N1)pdm09. Patuloy na nananalasa ang naturang tipo ng trangkaso sa US hanggang sa kasalukuyan.

Ang ganitong sistema ng maramihang pag-aalaga at mabilisang pagpapalaki ng mga baboy ay dulot ng paghahabol ng mga kapitalistang kumpanya ng pinakamalaking bolyum ng napoprodyus na karne gamit ang pinakamababang gastos sa produksyon. Ang mega-pabrika ng Smithfield sa Mexico, halimbawa, ay nagpoprodyus ng halos kalahating milyong baboy kada taon. Nagsusuplay ang kumpanya ng sangkatlo ng pangangailangang karne sa US. Nagluluwas din ito ng pinrosesong karne sa Europe.

Ang mga paglaganap naman ng *coronavirus* at iba pang *virus* na mula sa mga hayop sa kabangisan ay bunga ng walang sagkang pangwawasak sa kagubatan ng malalaking korporasyon para bigyan-daan ang mga operasyon sa pagmimina, troso at komersyal na plantasyon. Nagreresulta ito sa pagkabulabog ng balanse ng ekolohiya, pagliit ng mapagkukunan ng pagkain ng mabangis na mga hayop, paghina ng kanilang mga katawan at resistensya sa dala-dala nilang mga *pathogen*. Inilalabas ng mga ito ang naturang mga *pathogen* sa dumi, at naikakalat sa iba pang mga hayop hanggang umabot sa tao. Hinahawan ng naturang mga kumpanya kahit ang liblib na bahagi ng mga gubat kung saan maraming *pathogen* na "nakakulong" at hindi nakahahawa sa iba't ibang hayop ay nakakawala at naisasalin sa tao.

Mabilis na naisasalin ang mga *pathogen* na ito sa pagitan ng mga tao na wala pang mga panlaban (tinatawag na *antibodies*) sa mga ito.

Isang halimbawa nito ang ilang ulit nang paglaganap ng Ebola *virus disease* na iniugnay sa malawakang pagkasira ng kagubatan sa Uganda Congo at Guinea sa Africa. Sa Borneo, ang pagkalbo sa mga gubat para bigyan-daan ang mga plantasyon ng *oil palm* ay nagdulot ng mas mataas na insidente ng *dengue* at malarya. Noong dekada 1990, panahon ng malawakang paghahawan ng gubat sa Amazon sa Peru, tumaas mula 600 tungong 120,000 ang mga kaso ng malarya sa kalapit nitong mga komunidad. Hinawan ang gubat dito para lagyan ng mga rantso ng baka at kaakibat nitong mga daan. Sa isang masaklaw na pag-aaral noong 2017, napatunayan ang ugnayan ng paghahawan ng gubat sa pagdami ng kaso ng malarya sa 67 bansa.

Sa pangkalahatan, mahigit kalahati ng bagong litaw na nakahahawang sakit ay idinulot ng paghahawan ng mga gubat at malakihang pagsasaka ng korporasyong agribisnes. Nag-uunahan ang mga korporasyong ito sa pang-aagaw ng mga lupa ng mga magsasaka at katutubo sa atrasadong mga bansa para lalupang palawakin ang kani-kanilang produksyon ng pagkain at palakihin ang kanilang kita. Nagreresulta ito sa kapinsalaan hindi lamang ng mamamayan ng naturang mga bansa, kundi sa lahat ng mamamayang apektado sa paglitaw ng samutsaring bagong sakit at epidemya. AB

## *Glyphosate* na sanhi ng kanser sa mga maisan sa Capiz

HINILING KAMAKAILAN NG mga magsasaka sa Capiz na ipagbawal ang paggamit ng Round Up Ready na herbisidyo sa mga maisan. Ito ay matapos mapatunayan na nanuot na ang kemikal na *glyphosate* sa lupa, katubigan, at maging sa katawan ng mga residente.

Batay ito sa inilunsad na pananaliksik ng mga siyentista sa Barangay Guinbialan, Maayon, Capiz hinggil sa epekto ng sampung taong paggamit ng Round Up at GM Corn ng kumpanyang Monsanto.

Sa mga kinuhang *sample* ng lupa, tubig, luma at bagong ani na mais at ihi ng tatlong residente, napag-alaman na kontaminado ang mga ito ng kemikal na *glyphosate*. Ang *glyphosate* ay kemikal na nagdudulot ng kanser. Ayon sa mga magsasaka sa naturang barangay, simula nang magtanim sila ng mga *hybrid* na mais, 16 na residente na ang nagkaroon ng kanser. Sa 16, lima na ang namatay. Nakita rin mataas na ang bilang ng may mga sakit sa kidney.

Ang *glyphosate* ay isang kemikal na karaniwang sangkap ng mga herbicide (pamatay ng damo katulad ng Round Up) at 70 iba pang produkto na karaniwang ginagamit sa mga taniman ng palay, mais, tubo, *oil palm*, saging, pinya, kape at goma. AB

# Ka Lori: Ang pag-ibig ng isang inang mandirigma

Inspirasyon ang mga babaeng mandirigma, laluna ang mga ina, para sa kababaihan na lumaban at palayain ang sarili. Isang halimbawa nito si Ka Lori na nagsisilbing ina at kasama sa isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa Bicol.

Masakit mang iwan ang kanyang mga anak, nagpasyang sumapi sa hukbong bayan si Ka Lori noong 2018 sa edad na 46. Malalaki na ang karamihan ng kanyang mga anak, bagamat pitong taong gulang pa lamang ang kanyang bunso. Tanggap nila ang kanyang desisyon na buong panahon na magsilbi sa hukbo. Hindi sila nanibago dahil dati nang lumalahok sa mga aktibidad ng komunidad ang kanilang ina bilang myembro ng sangay ng Partido sa lokalidad. Ang paghahangad para sa isang mapagkalingang lipunan para sa kanyang mga anak at apo ang nagtulak sa kanya na lumahok sa armadong pakikibaka.

"Nakita kong ito ang maaasahan namin. Ito ang gubyerno ng mahihirap," aniya.

Nagmula si Ka Lori sa uring magsasaka. Pangunahing ikinabubuhay niya at kanyang pamilya ang pagkokopra. Kumikita lamang siya nang halos P150 sa pagtatanggal ng bunot ng isanlibong niyog, mas mababa nang kalahati kumpara sa ibinabayad sa mga lalaking magkokopra. Kulang na kulang ito para sa kanilang mga gastos sa pagkain at ibang batayang pangangailangan.

Dahil dito, kinailangan niyang maglako ng mga gulay at isda sa kalapit na mga baryo. Pinagkakasya niya ang kakaarampot niyang kita sa pinakabatayang pangangailangan ng kanyang pamilya. Ibabawas pa rito ang pambayad sa mga utang. Halos mag-isang itinaguyod ni Ka Lori ang kanyang mga anak dahil sa mga hindi pagkakaunawaan sa ama ng kanyang mga anak.

Solong itinaguyod ni Ka Lori ang kanyang pamilya. Naging katulong niya sa paghahanapbuhay ang kanyang mga anak. Lima sa kanyang mga anak ay nakipagsapalaran sa Maynila, kahit sila'y wala pa sa edad para magtrabaho. Labis ang pag-aalala at pagkabahala ni Ka Lori dahil dito.

Nang nasa hukbo na, inilagay si Ka Lori sa gawain sa suplay at kusina. Marami na rin siyang ibang mga tungkulin na ginampanan sa dalawang taong pagiging Pulang mandirigma. Nakapagbigay na siya ng mga pag-aaral, nakapamuno sa mga pagpupulong at mulat na nagbibigay suporta sa mga kasama niya sa yunit.

Naging inspirasyon si Ka Lori ng kanyang mga anak para sumapi rin sa BHB. Ilang buwan matapos magpultaym si Ka Lori ay sumunod ang anak niyang si Ka Tom. Galing si Tom sa Maynila kung saan namasukan siya bilang kontraktwal na manggagawa sa konstruksyon. Sa sumunod na taon, sumapi naman si Ka Ali, na mula naman sa pagtatrabaho sa babuyan sa Pampanga. Bagaman mag-iina ay nagsusumikap silang bakahin ang pyudal na relasyon.




Litaw ang mapagkasamang pagturing ni Ka Lori sa kanyang mga anak sa pagrespeto niya sa kanilang mga desisyon. Bagaman mayroong pangamba, sinusuportahan niya ang dalawa niyang anak na gumampan ng mga gawaing nakaatas sa kanila. Kabilang na rito ang mga gawaing militar, pagsasanay at gawaing masa sa ibang erya na malayo sa kanya.

Higit sa kapamilya, kasama ang pangunahing turing nila sa isa't isa at katuwang sa pagpapalakas ng hukbong bayan. Hindi nakaliligtas ang dalawa sa mga puna ng kanilang ina at gayundin si Ka Lori mula sa kanyang mga anak. "Yung kulturang nakuha sa labas (ng kilusan), unti-unting baguhin at sumunod sa mga patakaran ng hukbo," laging payo niya sa kanyang mga anak. Nagpapakita sila ng kalinga sa isa't isa katulad ng suportang ibinibigay sa ibang kasapi ng hukbo. Hinihikayat nila ang iba pa nilang kapamilya na sumapi rin sa hukbong bayan.

May mga pagkakataong inaalala ni Ka Lori ang mas bata niyang mga anak. Bagaman nalulungkot sa ganitong mga pagkakataon, batid naman niyang inaalagaan sila ng mga myembro ng Partido sa kanilang lokalidad.

Suportado ng sangay ng Partido ang kanyang pamilya. Nakapagbibigay ito ng kaunting suportang pinansyal para sa mga gastusin at kagyat na pangangailangan ng mga anak. Gayundin, pinaghahandaan at inaasikaso ng yunit ng BHB na kanyang kinabibilangan ang pagkontak sa pamilya at pagbisita sa kanila. Mensahe ni Ka Lori sa kanyang mga anak, "para sa inyo itong ginagawa ko.... para sa kinabukasan ninyo."